# Kabanata 17:
# ANG MGA SIGBIN

MAS MALAKAS ANG kabog sa dibdib ni Iska, lalo pa ngayong mag-isa na lamang siya. Dumiretso na siya sa isang mahabang pulang daanan na lupa. Walang halaman sa pulang lupa na iyon. Walang buhay na halaman sa dinaraanan niya. Sa pulang lupang tinatapakan niya, baku-bako at matutulis ang mga bato. Mahirap itong lakaran o takbuhin. Kung nakapagsasalita lang ang lupang ito, tiyak na kaya nitong kainin si Iska at takutin.

Nagningning muli ang palawit na araw sa kuwintas na suot ni Iska. Tuwing nagniningning ang palawit na araw sa kuwintas ni Iska, may boses siyang naririnig. Buo at malalim ang boses nito. Hindi nakakatakot. Pakiramdam ni Iska, lumalakas siya tuwing naririnig ito.

*Magpatuloy ka lang*. Ito ang sinabi sa kaniya ng tinig kasabay ng pagningning ng kuwintas na suot niya. Diretso ang paglalakad ni Iska, at sa paglalakad niyang iyon, nakita niya ang iba't ibang uri ng puno sa kagubatan ng Huklob. Bukod sa balete, may iba pang puno roon. Kung buhay na buhay at masigla ang puno sa Hiraya, kabaligtaran naman ang sa Huklob. Tumatangis ang mga puno na tila nanghihingi ng saklolo.

Kulay itim ang mga puno sa loob ng Huklob. Malalapad ang mga sanga at dahon kaya napakadilim sa buong Huklob. Napakainit din ng hanging nagmumula sa paligid. Pawis na pawis si Iska habang naglalakad. Tanging palawit lamang sa kaniyang kuwintas ang nagbibigay sa kaniya



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 137 11/20/2024 8:07:22 AM

ng liwanag. Sa kuwintas niya pala mas makikilala ang sarili.

Tuwing nasa madilim siyang bahagi ng Huklob, nagbibigay ng liwanag ang araw na palawit. Tuwing nasa panganib siya, ang buwan na palawit naman ang umiilaw. Ano naman kaya ang kayang gawin ng bituin na palawit?

Nagpatuloy si Iska sa paglalakbay. Ibang-iba ang pakiramdam sa Huklob kumpara sa Hiraya. Sa Hiraya, nararamdaman niya ang kasiyahan at kapahingahan, subalit sa Huklob, pakiramdam ni Iska ay tumanda siya nang sampung taon. Pakiramdam niya, pagod na pagod siya.

Binilisan pa ni Iska ang lakad. Nakarinig siya ng kaluskos na nagtatago sa likod ng mga nagtataasang puno. Agad nakita ni Iska ang napakabilis kumilos na nilalang.

"Isang sigbin." Binawi ni Iska ang sinabi nang makakita ng napakaraming sigbin.

Kasinlaki ang mga ito ng sigbin na nakaharap niya mula nang tumapak siya sa Huklob.

Ito ang nilalang na hindi gugustuhing mapanaginipan o maalagaan sa bahay. Napakaagresibo ng mga ito kumilos. Sa isang iglap, nasugatan ng isa sa pinakamaliit na sigbin ang balikat ni Iska.

"Ano ba? Hindi ba kayo nauubos?" tanong ni Iska sa kanila *as if* sasagot naman sila.

Napaatras si Iska nang magpakita ng pangil ang mga sigbin sa harap niya. Nanlilisik ang mga mata nito. Tumutulo ang malagkit na laway mula sa bibig. Matutulis ang mga ngipin na kayang bumaon hanggang sa buong pagkatao ni Iska. Napakagaspang tingnan ng katawan nilang halos dikit na ang balat sa buto. Napakasangsang din ng amoy.

"Doble ang dami ng sigbin. Kailangan doble na rin ang gawin ko," bulong ni Iska sa sarili. Mauubusan siya ng oras kung lahat ng lakas niya ay dito niya lang gagamitin.

*Kung kaya ko lang tumakbo nang mabilis, matatakasan ko itong mga 'to.*

Pagkasabing-pagkasabi niyon, lumiwanag ang isa pang palawit niya: ang palawit na may hugis ng buwan. Biglang gumaan ang pakiramdam ni Iska. Parang kasinggaan siya ng hangin. Walang bigat na nararamdaman sa kaniyang binti at katawan.

Binilisan pa niya ang takbo. Pinilit niyang hilahin palayo ang sarili dahil sa sandamakmak na nakakatakot na sigbin sa likod niya. Isang segundo lang ng pagliko o pagtingin sa mga hayop na iyon, tiyak malalagot siya. Siguradong kakainin siya ng mga ito.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 138 11/20/2024 8:07:22 AM

Kaya lang, napagtanto ni Iska na hindi sapat na tinatakbuhan ang mga sigbin.

Agad na huminto si Iska, idiniin ang kaniyang kanang paa sa lupa, at humarap sa tantsa niya ay mga dalawampung sigbin. Gusto niya na lang tirisin lahat kung pwede lang talaga.

Isa. Dalawa. Tatlo. Umatras uli si Iska at kumuha ng buwelo. Tanging limang palaso na may lason na laman ang mayroon siya at isang lubid. Nasa gitna siya ng gubat, kailangan niyang mag-isip ng paraan kung paano matalo ang mga ito.

Mabilis na umakyat si Iska sa isang mataas na puno. Kumapit siya nang maigi sa makapal na troso nito. Tumapak siya sa pinakamataba at pinakamababang sanga. Mabuti na lang talaga at dumaan siya sa pagsasanay ni Kenneth.

Nang makaakyat na si Iska sa puno, hinabol siya ng mga sigbin. May ilan dito ang umaakyat pa sa sangang tinatapakan niya. Sinipa niya ang mga sigbin at binato ng mga sanga na malapit sa kaniya. May ilang sigbin ang nabagsakan, pero hindi pa rin ito nabawasan. Patuloy pa rin ang mga ito sa paghabol sa kaniya. Isa-isa pa siyang inaakyat ng mga sigbin, kaya naman, inilabas niya ang isang palaso. Sinambit ni Iska ang natututunan sa ikalawang pagsasanay. Kaya niyang paliyabin ang dulo ng palaso. Hindi nagtagal, nakita rin niya ang apoy sa dulo ng palaso.

Nasabik si Iska na gamitin ito. Kaya, mula sa taas ng puno, inasinta niya ang nagliliyab na palaso sa mga sigbin. Hindi lang isa ang napatay niya. Agad na nasusunog at nagiging abo ang mga sigbin sa harap niya. Naging mistulang *bonfire* ang paligid dahil sa mga nagliliyab na sigbin. Mabisa pala talaga ang lason sa palaso kapag dinagdagan pa ng apoy.

Naging disyerto na ang paligid ni Iska dahil sa abo ng mga sigbin na napatay niya. Subalit wala sa mga ito ang hinahanap niyang kampana.

Hindi makapaniwala si Iska sa nagawa niya. Kaya niya rin palang lumaban. Mahirap maging anak ni Bathala, pero may dahilan kung bakit siya ang pinili.

NAGPATULOY si Iska sa pagsunod sa itinuturo ng palawit na araw sa kaniyang kuwintas. Tamang-tama naman na mas nakikita niya nang lumalaki ang liwanag. Sana okay lang sina Kenneth at Kiko. Sana hindi sila napahamak.

Sa dulo ng mahabang daanan na binagtas niya, nakita niya ang pinakamalaking puno ng balete sa buong Huklob. Napakalaki ng baleteng



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 139 11/20/2024 8:07:23 AM

ito. Tatlong dipa ni Iska kung yayakapin ang kabuuan ng katawan ng puno. Napakayabong din ng mga dahon, at napakalapad rin ng mga sanga nito. Higit itong mayabong kumpara sa tipolo na nasa bakuran ni Lola Da. Kahawig ito ng napakalaking balete sa Sumulong Highway. Hindi kaya ito rin ang punong iyon?

Sa paligid ng balete nakapalibot ang iba't ibang uri ng ibon. Ang isa sa mga ibon na naalala ni Iska ay ang uwak. Napakaitim ng pakpak at katawan nito at pulang-pula ang mga mata. Bukod sa uwak, kapansin-pansin din ang mga anino na animo ay guwardiya na siyang nagpapaikot-ikot sa balete. Hindi nawawalan ng aninong hugis-tao ang balete na ito. Tunay ngang isang maling galaw lang ni Iska, matatapos ang misyon at pangarap niya para sa mundo ng Hiwaga.

Kinikilabutan si Iska sa bawat pag-ihip ng hangin at sa pagdampi nito sa kaniyang balat. Natatakot siya pero hindi siya nagpapadaig sa kaniyang takot. Napapaatras siya minsan pero nagpapatuloy pa rin.

Muling napaisip kung ano ang naghihintay sa kaniya. Iilan na lang ang palaso niya. Anong magagawa nito sa isang punong nakakatakot at sa napakaraming nilalang na maaari pang lumabas?

Pero hindi siya nagpadala sa kaniyang takot. Hindi ito ang oras para umatras.

Sa pagmamasid pa ni Iska, nakakita siya ng isang kampana na nakalubog sa lupa sa gitna ng puno. Nakalubog ang kalahating bahagi nito. Iniisip ni Iska kung paano niya itong makukuha kung mag-isa lang siya. Bakit parang ang dali lang niyang makita ang kampana?

Alam niyang ito ang kampana dahil sa tatak na nakaukit dito. Araw, buwan, at bituin. Tumigil din sa pagliwanag ang palawit ng kuwintas niya nang tumapat siya sa kampana. Sigurado siyang ito nga ang kaniyang hinahanap. Nagtatatalon ang puso ni Iska sa tuwa. Lahat ng pagod niya, may pinuntahan ding maganda.

Pinagmasdan niya muna ang paligid. Tingin sa kaliwa. Tingin sa kanan. Walang kahit anong nilalang. Sa napakaraming nilalang na nasalubong niya kanina, walang umaawat sa kaniya upang makuha ang kampana. Gusto niyang yakapin si Bathala kung may *chance* dahil alam niyang may ambag ito sa kaniyang misyon.

Bagaman nasa gitna ng Huklob, nananatili ang ganda at ang kislap ng kampanang nasa harap niya. Kumikinang ito. Nangingibabaw sa gitna ng kadiliman ang liwanag na mayroon ito. Tila ang kampana na ito ang paalala na laging may maganda sa buhay sa kabila ng pagkalubog sa dami



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 140 11/20/2024 8:07:23 AM

ng problema. Literal man na nakalubog ang kampana, nananatili pa rin itong maganda.

Nang matiyak na ni Iska na walang nilalang sa paligid niya, dahan-dahan siyang lumapit sa kampana. Itinulak ni Iska ang kampana upang tantsahin kung paano ito iaalis mula sa pagkakalubog. Mabuti't malambot lang ang lupa kaya agad namang nagalaw ang kampana.

Niyakap at binuhat ni Iska ang kampana. Mabigat ito pero habang tumatagal, kinakaya niya ang bigat. Handa na niya itong pasanin. Inisip niyang maigi kung paano ito dadalhin patungo sa simbahan. Yayakapin ba o ipapasan niya sa kaniyang likod. Lahat naman kakayanin niya maibalik lang ang kampana sa simbahan.

Sinipat pa ni Iska ang kampana. Sa pagsipat niyang ito, nakita niya ang tatlong simbulo na kagaya sa suot niyang kuwintas. Araw, buwan, at bituin. Nasa ibabaw ito ng kampana. Ito rin ang palawit sa suot niyang kuwintas na binigay ng kaniyang ina. Tiyak siyang ito nga ang kampana.

Hindi nagtagal, biglang lumiwanag ang buwan na palawit ng kaniyang kuwintas.

Napapikit si Iska sa nakita. Masakit para sa kaniyang mga mata ang tingnang maigi ang palawit na ito. Napaupo siya sa lakas ng puwersa mula sa kaniyang kuwintas at sa kampana. Biglang yumanig ang lupang tinatapakan niya. Ikalawang beses na ito ng pagyanig sa Huklob.

Nang mawala na ang pagyanig, bumungad sa kaniya ang pinakamalaking sigbin na nakita niya. Naglalakad ito patungo sa kaniya nang nakatalikod. Nakababa ang ulo nito. Halos kalapit na ng lupa. Kakaiba ito sa lahat ng sigbin na nakaharap niya. Ito lamang ang tila abnormal na sigbin dahil sa patalikod ito maglakad. Napalunok na lang uli si Iska ng laway sa nerbiyos pero tinapangan niyang muli. Pinakalma niya ang sarili. Kaya lahat.

Ito talaga ang pinakakakaibang sigbin na nakita niya dahil ang hugis ng mukha nito ay tila hugis ng mukha ng tao. Unti-unti itong lumapit kay Iska. Hindi nagtagal, bigla siyang sinampahan nito. Napahiga si Iska sa lupa sa pagdamba sa kaniya ng sigbin. Hinahabol niya muli ang kaniyang hininga. Pawis na pawis siya. Bagaman pakiramdam niya ay malakas siya, sa pagkakataon na ito, inunahan siya ng kaba.

Inilalapit na ng sigbin ang kaniyang napakalaking bunganga kay Iska. Ngayon lamang nakita ni Iska nang malapitan ang sigbin. Napakalaki ng bibig nito at may matutulis na pangil. Ang loob ng bibig nito ay pulang-pula. Mabaho rin ang singaw ng bibig na amoy dugo o bagong



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 141 11/20/2024 8:07:23 AM

katay na hayop sa palengke. Tumutulo ang laway nito kay Iska. Ito ang pinakamaliksing sigbin na nakaharap niya.

Hinawakan ni Iska ang mukha ng sigbin. Nagkasugat-sugat ang kaniyang kamay dahil sa talas ng mukha nito. Pero hindi siya nagpatalo, hinawakan niya ito nang mahigpit at buong lakas na inihampas sa lupa. Tumilapon naman agad ang sigbin at nangisay.

Subalit, hindi pala ito doon nagtatapos. Sa pagtayo ng sigbin, agad itong umalulong at muling tumakbo papalapit kay Iska. Inagapan ni Iska ang kilos ng sigbin. Inilabas niya ang kaniyang palaso at inasinta sa mata ng sigbin.

Sa isang pagpapakawala ng palaso, natamaan ni Iska ang noo ng sigbin.

*Hindi ito sapat,* bulong ni Iska. Kinargahan uli ni Iska ng palaso ang kaniyang pana at inasinta sa bunganga ng sigbin. Tumakbo ang sigbin patungo sa dalaga subalit naging maagap si Iska, pinakawalan niya agad ang palaso. Bumaon ang palaso sa mata ng sigbin.

Buhay pa rin ang sigbin. Napahiga nga lang ito sa harap ni Iska. Kaya naman, kinuha ni Iska ang isa pang palaso, hinawakan ito, at isinaksak sa bunganga ng sigbin.

*Sa wakas,* naisip ni Iska. Tuluyan nang naging abo ang sigbin.

Nabigla si Iska sa pisikal na lakas na mayroon siya. Bunga ito marahil ng pagsasanay niya kina Kenneth at Apolaki. Napahiga si Iska sa pagod. Nang sandaling makapagpahinga, muli siyang lumapit sa kampana na nasa may puno ng balete.

Hinila ni Iska ang kampana sa lupa. Sa unang pagtatangka, hindi niya ito maiangat. Sinubukan niya pang muli itong buhatin. Niyakap niya ang kampana nang mahigpit. Bumilang siya hanggang tatlo. Pagkabilang niya nang tatlo, naiangat niya at nabuhat ang kampana.

Hinawakan niya ito nang mahigpit. Pinakiramdaman niya ang oras. Tamang-tama, may oras pa siya upang ibalik ang kampana sa simbahan bago pa mangyari ang eklipse.

Buong lakas niya itong pinasan pabalik sa pampang na pinag-iwanan niya kina Kenneth at Kiko. Gusto niyang malaman ang kalagayan ng mga kaibigan at nang makalabas na sila sa Huklob. Kailangan nilang maibalik ang kampana.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 142 11/20/2024 8:07:23 AM